# PAGSASALIN SA TAGALOG NG RIDER NG PLANNED UNIT DEVELOPMENT
# TAGALOG TRANSLATION OF PLANNED UNIT DEVELOPMENT RIDER

## ABISO TUNGKOL SA PAGSASALIN SA TAGALOG

**Ang pagsasaling ito sa Tagalog ay hindi isang mabisang legal na dokumento, ibinibigay lang ito para sa kaginhawahan ng Borrower, at hindi ito kailanman maituturing na kontrata o anumang bahagi ng dokumento ng loan sa Ingles. Bagama't sinubukan ng Fannie Mae at Freddie Mac na tiyaking isa itong tumpak na pagsasalin ng dokumento ng loan sa Tagalog, hindi mananagot ang Fannie Mae o ang Freddie Mac sa anumang pagkakamali sa Tagalog na pagsasalin na ito o para sa anumang hindi pagkakaunawaan dahil sa mga pagkakaiba sa paggamit ng wika o diyalekto. Kung sakaling magkakaroon ng mga hindi pagkakatugma sa pagitan ng dokumento ng loan sa Ingles at sa pagsasaling ito sa Tagalog, mananaig ang ipinatupad na dokumento ng loan sa Ingles. Responsibilidad ng Borrower na ganap na maunawaan ang katangian at mga tuntunin ng mga obligasyon ng Borrower alinsunod sa nakasaad sa mga dokumento ng loan sa Ingles na lalagdaan niya sa pagsasara ng loan. Hindi dapat lagdaan ng Borrower ang pagsasaling ito. Bilang karagdagan, posibleng natanggap lang ng Borrower ang dokumentong ito ng loan bilang halimbawa ng isang tipikal na dokumento ng loan, at wala itong kaugnayan sa isang partikular na transaksyon sa loan. Kung ganito ang sitwasyon, ang dokumentong ito ay hindi puwedeng maging isang pagsasalin ng dokumento ng loan na ipapatupad ng Borrower sa panahong kukuha ang Borrower ng mortgage loan sa bahay.**

## NOTICE REGARDING TAGALOG TRANSLATION

**This Tagalog translation is not a binding legal document, is being provided solely for the Borrower's convenience, and will not in any way be construed as a contract or any part of the English loan document. While Fannie Mae and Freddie Mac have attempted to ensure that this is an accurate Tagalog translation of the loan document, neither Fannie Mae nor Freddie Mac is liable for any inaccuracies in this Tagalog translation or for any misunderstandings due to differences in language usage or dialect. In the event of any inconsistencies between the English loan document and this Tagalog translation, the executed English loan document will govern. The Borrower assumes the responsibility for fully understanding the nature and terms of the Borrower's obligations as set forth in the English loan documents they sign at loan closing. The Borrower shall not sign this translation. In addition, the Borrower may have received this loan document solely as an example of a typical loan document, and not in connection with a specific loan transaction. If this is the case, this document may not be a translation of the loan document that the Borrower will execute at the time the Borrower obtains a home mortgage loan.**


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

# RIDER NG PLANNED UNIT DEVELOPMENT

ANG PLANNED UNIT DEVELOPMENT RIDER NA ITO ay ginawa sa ika-____________ (na) araw na ito ng _______________________, __________, at kasama at susog at karagdagan sa Mortgage, Mortgage Deed, Deed of Trust, o Security Deed (ang "Security Instrument") ng parehong petsa na ibinigay ng nakalagda (ang "Borrower") para ma-secure ang Borrower's Note kay/sa ______________________________________________________________________________ (ang "Lender") ng parehong petsa at sumasaklaw sa Pag-aari na inilalarawan sa Security Instrument at matatagpuan sa:

______________________________________________________________________________________________

[Address ng Pag-aari]

Kasama sa Pag-aari ang, pero hindi limitado sa, isang parcel ng lupa na pinaganda sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tirahan, kasama ang iba pang naturang parcel at ilang partikular na common area at pasilidad, ayon sa nakasaad sa ______________________________________________________________________________________________ ______________________________________________________________________________________________ __________________________________________________________________________ (ang "Deklarasyon"). Ang Pag-aari ay bahagi ng planned unit development na kilala bilang _____________________________________________ ______________________________________________________________________________________________

[Pangalan ng Planned Unit Development]

(ang "PUD"). Kasama rin sa Pag-aari ang interes ng Borrower sa mga homeowners association o katumbas na entity na nagmamay-ari o namamahala sa mga common area at pasilidad ng PUD (ang "Samahan ng Mga May-ari") at mga paggamit, pakinabang, at proceed ng interes ng Borrower.

**MGA PANGAKO SA PUD.** Bukod sa mga pagkatawan, warranty, kontrata, at kasunduang ginawa sa Security Instrument, sinasang-ayunan din ng Borrower at Lender ang sumusunod:

**A. Mga Obligasyon ng PUD.** Gagawin ng Borrower ang lahat ng obligasyon ng Borrower alinsunod sa Mga Bahaging Dokumento ng PUD. Ang "Mga Bahaging Dokumento" ay ang: (i) Deklarasyon; (ii) mga article of incorporation, trust instrument, o anumang katumbas na dokumentong lumilikha ng Samahan ng Mga May-ari; at (iii) anumang patakaran o iba pang panuntunan o regulasyon ng Samahan ng Mga May-ari. Kapag dapat nang magbayad, dapat bayaran ng Borrower ang lahat ng nakatakdang bayarin at assessment alinsunod sa Mga Bahaging Dokumento.

**B. Insurance ng Pag-aari.** Hangga't pinapanatili ng Samahan ng Mga May-ari, nang may pangkalahatang tinatanggap na carrier ng insurance, ang isang "master" o "blanket" na patakaran na nagbibigay ng insurance sa Pag-aari na natutugunan ng Lender at nagbibigay ng coverage sa insurance sa mga halaga (kasama ang mga antas ng deductible), para sa mga panahon, at laban sa pagkalugi dahil sa apoy, mga panganib na kasama sa terminong "pinalawig na coverage," at anumang iba pang panganib, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga lindol, hangin, at baha, kung saan mangangailangan ang Lender ng insurance, (i) binabawi ng Lender ang probisyon sa Seksyon 3 para sa bahagi ng Pana-panahong Pagbabayad na ginawa para sa Lender na binubuo ng taunang premium na hulog para sa insurance sa pag-aari sa Pag-aari, at (ii) ituturing na natutugunan ang obligasyon ng Borrower sa Seksyon 5 na magpanatili ng coverage sa insurance sa pag-aari sa Pag-aari, hanggang ipinag-aatas sa coverage na ibinibigay ng patakaran sa Samahan ng Mga May-ari.

Ang ipinag-aatas ng Lender bilang kundisyon ng waiver na ito ay puwedeng magbago sa panahon ng termino ng loan.

Magbibigay ang Borrower sa Lender ng agarang abiso tungkol sa anumang kakulangan sa ibinigay na ipinag-aatas na saklaw sa insurance ng master o blanket na patakaran.

Kung sakaling magkakaroon ng distribusyon ng mga pag-aari proceed ng insurance ng pag-aari sa halip na restoration o repair kasunod ng pagkalugi ng Pag-aari, o sa mga common area at pasilidad ng PUD, itinatalaga at ibabayad sa Lender ang anumang proceed na dapat ibayad sa Borrower. Ilalapat ng Lender ang mga proceed sa mga halagang naka-secure sa ilalim ng Security Instrument na ito, ang mga ito man ay due na, at ibabayad sa Borrower ang sobra, kung magkakaroon.


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**

**C. Insurance sa Pananagutan sa Publiko.** Magsasagawa ng pagkilos ang Borrower, ayon sa makatuwirang paraan para matiyak na napapanatili ng Samahan ng Mga May-ari ang isang patakaran sa insurance sa Pananagutan sa Publiko na tinatanggap ng Lender sa uri, halaga, at lawak ng saklaw.

**D. Condemnation.** Ang mga proceed ng anumang award o claim para sa mga pinsala, direkta man o hindi, na dapat bayaran ng Borrower kaugnay ng anumang condemnation o iba pang pagkuha ng lahat o anumang bahagi ng Pag-aari o mga common area at pasilidad ng PUD, o para sa anumang conveyance para sa condemnation, ay itinatalaga at babayaran sa Lender. Ilalapat ng Lender ang mga nasabing proceed sa mga sum na sine-secure ng Security Instrument, ayon sa nakasaad sa Seksyon 12.

**E. Paunang Pahintulot ng Lender.** Maliban na lang kung pagkatapos ng pag-abiso sa Lender nang may paunang nakasulat na pahintulot ng Lender, hindi hahatiin o isa-subdivide ng Borrower ang Property o hindi siya papayag sa: (i) pag-aabanduna o pagwawakas ng PUD, maliban para sa pag-aabanduna o pagwawakas na ipinag-aatas ng batas kung sakaling may matinding pagkasira dahil sa sunog o iba pang sitwasyon o kung sakaling magkaroon ng condemnation o eminent domain; (ii) anumang pag-amyenda sa anumang probisyon ng Mga Nauugnay na Dokumento maliban na lang kung ang probisyon ay para sa hayagang benepisyo ng Lender; (iii) pagwawakas ng propesyonal na pamamahala at pagpapatupad ng sariling pamamahala ng Samahan ng Mga May-ari; o (iv) anumang pagkilos na magkakaroon ng epekto sa pagbibigay ng saklaw sa insurance sa pananagutan sa publiko na pinapanatili ng Samahan ng Mga May-ari, na hindi katanggap-tanggap sa Lender.

**F. Mga Remedyo.** Kung hindi magbabayad ang Borrower ng mga PUD due at assessment kapag kailangan na itong bayaran, puwede itong bayaran ng Lender. Ang anumang halagang ilalabas ng Lender, alinsundo sa talata F na ito ay magiging karagdagang utang ng Borrower na itatala ng Security Instrument. Maliban na lang kung sasang-ayon ang Borrower at Lender sa ibang tuntunin ng pagbabayad, magkakaroon ng interes ang mga halagang ito mula sa petsa ng paglalabas sa Note rate at dapat bayaran, nang may interes, kapag nagbigay ang Lender sa Borrower ng abiso sa paghiling ng bayad.

SA PAMAMAGITAN NG PAGLAGDA SA IBABA, tinatanggap at sinasang-ayunan ng Borrower ang mga tuntunin at kasunduan na nakapaloob sa PUD Rider na ito.

________________________________________ (Selyo)
- Borrower

________________________________________ (Selyo)
- Borrower


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**